



Office of the Attorney General
Washington, DC 20530

Hunyo 21, 2022

KOMUNIKASYONG PAALALA PARA SA MGA PINUNO NG MGA KAGAWARAN AT AHENSYANG
TAGAPAGPAGANAP NA NAGKAKALOOB NG PEDERAL NA PINANSYAL NA TULONG

MULA SA:

PANGKALAHATANG ABOGADO

PAKSA:

PAGPAPATUPAD NG MGA BATAS SA HINDI PAGDIDISKRIMINA SA MGA
PROGRAMA AT AKTIBIDAD NA TUMATANGGAP NG PAGPOPONDO SA 2022
MULA SA BATAS SA PAMUMUHUNAN AT MGA TRABAHO SA
IMPRASTRUKTURA (INFRASTRUCTURE INVESTMENT AND JOBS ACT) O
BATAS SA MGA PINAGSAMANG PAGLALAAAN (CONSOLIDATED
APPROPRIATIONS ACT)

Sa ilalim ng Batas sa Pamumuhunan at mga Trabaho sa Imprastruktura (Infrastructure Investment and Jobs Act, IJIA) at ng Batas sa mga Pinagsamang Paglalaan para sa Taon ng Pananalapi 2022 (Consolidated Appropriations Act), iginagawad ng pederal na pamahalaan ang wala pang katulad na halaga ng pederal na pinansyal na tulong sa ilalim ng mga bago at umiiral na programang gawad. Kailangang tiyakin ng pederal na pamahalaan na walang sinuman ang magdurusa sa labag sa batas na diskriminasyon sa mga programa at aktibidad na tumatanggap ng pederal na pinansyal na tulong sa ilalim ng IJIA o Consolidated Appropriations Act.¹

Sa Kautusang Tagapagpaganap 12250 (Executive Order 12250), binibigyan ang Kagawaran ng Katarungan (Department of Justice, DOJ) ng responsibilidad at awtoridad na tiyakin ang hindi nagbabago at epektibong pagpapatupad ng iba't ibang batas na nagbabawal sa diskriminasyon ng mga tumatanggap ng pederal na pinansyal na tulong. Kabilang sa mga batas na iyon ang Titulo VI ng Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964 (Title VI of the Civil Rights Act of 1964) (ipinagbabawal ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay ng balat, at bansang pinagmulan), Seksyon 504 ng Batas sa Rehabilitasyon ng 1973 (Section 504 of the Rehabilitation Act of 1973) (ipinagbabawal ang diskriminasyon batay sa kapansanan), Titulo IX ng Batas sa mga Susog sa Edukasyon ng 1972 (Title IX of the Education Amendments Act of 1972) (ipinagbabawal ang diskriminasyon sa kasarian, kabilang ang diskriminasyon batay sa sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlan ng kasarian, sa mga programa at aktibidad na pang-edukasyon), at iba't ibang batas na partikular sa programa.² Dahil ang mga pagbabawal na ito ay naaangkop sa mga tumatanggap ng pederal na pinansyal na tulong, mahalagang tiyakin ng mga pederal na ahensya na ang mga tumatanggap sa kanila, direkta man o hindi direktang ginawaran, ay hindi nagdidiskrimina.

Habang sinisimulan na ng mga ahensya ang pag-oobliga ng pagpopondo sa ilalim ng mga umiiral na programa at pagpapatupad ng mga bagong pinondohang programang gawad, mayroong mga hakbang na maaaring gawin ang ito upang matiyak na hindi ginagamit ang mga pampublikong pondo sa paraang nagdidiskrimina:

¹ Ang Komunikasyong Paalala na ito ay hindi naaangkop sa mga pederal na pagkokontrata na hindi saklaw sa ilalim ng Executive Order 12250.

² Kabilang dito ang mga programa o aktibidad na pinopondohan nang buo o ang bahagi lamang sa pamamagitan ng mga pondong ginagawang makukuha upang ipatupad ang Batas sa Didyital na Ekidad ng 2021 (Digital Equity Act of 2021) na isinabatas bilang bahagi ng IJIA, at ipinagbabawal ang diskriminasyon batay sa aktuwal o nahinuhang lahi, kulay ng balat, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, o kapansanan.

- Magpaskil ng mga prominenteng paunawa sa kanilang mga website tungkol sa pagkanaaangkop ng Title VI, Title IX, Section 504, at mga iniaatas na hindi pagdidiskriminang partikular sa programa sa mga programa at proyektong pinopondohan ng IJJA o ng Consolidated Appropriations Act.
- Atasan ang mga tumatanggap na sumunod sa mga nakatadhana sa mga pagtitiyak ng mga karapatang sibil at iba pang mga kasunduan, kabilangang anumang mga probisyong patungkol sa pagkolekta ng datos at mga pagsusumikap sa pag-uulat ng mga ginawaran at isaalang-alang ang mga paraan upang mapalakas ang mga iniaatas na ito kung naaangkop.
- Gamitin ang agad na makukuhang datos upang matukoy ang mga sitwasyon kung saan maaaring mapinsala ang mga komunidad ng, o hindi maisama sa mga benepisyo ng mga programa o aktibidad na pinipinansyahan ng pederal na pamahalaan sa kanilang protektadong uri. Maaaring bigyang-katuwiran sa mga naturang sitwasyon ang mga pagsusuri sa pagsunod bago o pagkatapos ng gawad o teknikal na tulong sa mga aplikante at tumatanggap ng pagpopondo ng IJJA o Consolidated Appropriations Act.
- Ipaalala sa mga tumatanggap ng kanilang gawad ang kanilang obligasyon sa ilalim ng Title VI na gumawa ng mga makatwirang hakbang upang magkaloob sa mga taong may limitadong kahusayan sa Ingles ng makabuluhang akses sa kanilang mga programa o aktibidad.
- Tiyakin na alam ng mga tumatanggap ng gawad ang kanilang obligasyon sa ilalim ng Section 504 upang magbigay ng mga karagdagang tulong at serbisyo kapag kailangan upang epektibong makipag-usap sa mga taong may mga kapansanan sa komunikasyon. Kabilang sa mga halimbawa ng mga tulong at serbisyong ito ang, ngunit hindi limitado sa, mga tagapagsalin ng wikang pasenyas, pagsasalin sa wika nang remote sa video, tagapagtala, mga babasahing may malaking print, pagka-caption, at maaakses na teknolohiyang elektroniko at impormasyon.
- Pag-aralan ang kanilang mga kasalukuyang gawain para sa pagtitiyak ng hindi pagdidiskrimina sa mga programa ang proyektong pinopondohan ng IJJA o Consolidated Appropriations Act, at suriin kung epektibo sa pagtuklas ang mga ito at pagpigil sa pag-uugaling nagdidiskrimina. Dapat isama sa naturang pag-aaral ang pagsusuri sa mga pamamaraan ng pagsunod, at isang pagtatasa sa mga pamantayan ng ahensya para sa pagsasagawa ng mga pag-aaral sa pagsunod at pagbubukas o pagsasara ng mga imbestigasyon sa reklamo.
- Muling ipaalam sa mga tumatanggap ng gawad na ang mga pederal na iniaatas sa mga karapatang sibil ay hiwalay at naiiba sa mga obligasyon ng tumatanggap ng pagpopondo para sumunod sa mga naaangkop na pederal, pang-estado, at lokal na batas na pangkapaligiran.
- Tukuyin ang mga hakbang na magpapahusay sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga bumubuo sa paggawa ng kanilang gawad at pagpapatupad ng mga karapatang sibil, kabilang ang pinahusay na pagkolekta ng datos, pakikipag-ugnayan, at pagsasanay para sa mga bagong programang gumagawa ng gawad.

* * *

Sa ilalim ng Titulo VI Regulasyon sa Pag-uugnay ng DOJ (DOJ Title VI Coordination Regulation), 28 C.F.R. § 42.412, inawtorisahan ko ang Civil Rights Division (Dibisyon para sa mga Karapatang Sibil) na itaguyod ang mga direktiba sa mga pederal na ahensya upang matiyak na gagawin ng mga ito ang kanilang mga responsibilidad na lubos na ipatupad ang mga batas sa hindi pagdidiskrimina. Binilinan ko ang Civil Rights Division na ganap na iangkop ang awtoridad nito sa pangangasiwa at tulong ang mga ahensya sa pagsasakatuparan ng hindi pagdidiskrimina sa ilalim ng Title VI, Title IX, at Section 504. Maaaring maging kabilang dito ang abogadong tagapayo sa mga bagay na may kinalaman sa pagpapatupad, pagbuo ng mga dokumentong gabay sa mga tumatanggap ng pagpopondo, pagbabahagi ng impormasyon, pagsasanay, pinagtutuunang samahan, at pagkakaloob ng teknikal na tulong sa pagkolekta ng datos at iba pang mga paksang nauukol sa pagpapatupad ng mga karapatang sibil.

Sa mga darating na linggo, makikipag-ugnayan ang Civil Rights Division sa mga tanggapan para sa mga karapatang sibil ng inyong mga ahensya upang talakayin ang mga kasalukuyang gawain sa pagpapatupad ng mga pagbabawal sa Title VI, Title IX, at Section 504. Mangyaring abisuhan ang Seksyon sa Pederal na Pag-uugnay at Pagsunod (Federal Coordination and Compliance Section, FCS) ng Civil Rights Division ng tungkol sa anumang mga inisyatiba sa pagpapatupad ng mga nauugnay sa gawad na batas sa mga karapatang sibil o mga bagong pamamaraang pinagtibay ninyo, mga plano upang matulungan ang mga ginawarang buuin ang kanilang kapasidad sa pagkolekta at pagsusumite ng datos sa pamamagitan ng anumang nirebisa/bagong plataporma, kabilang ang sa pamamagitan ng pagsasanay, pati na rin ang anumang mahahalagang pag-unlad na nauugnay sa mga tumatanggap ng pagpopondo mula sa IJA o Consolidated Appropriations Act. Sa ilalim din ng mga Gabay para sa Pagpapatupad ng Title VI, 28 C.F.R. § 50.3, t ng DOJ Title VI Coordination Regulation, 28 C.F.R. § 42.407(d), kailangan ninyong ipaalam sa FCS ang anumang mga planong wakasan o tanggihan ang tulong o mga planong i-refer ang mga bagay sa pagpapatupad sa ilalim ng Title VI.

Nakatuon ang DOJ sa pakikipagtulungan sa inyo upang higit pang mapalakas at mapahusay ang pagpapatupad sa mga batas sa mga karapatang sibil. Kung mayroon kayong anumang mga katanungan, mangyaring tumawag kay Christine Stoneman na Pinuno ng Federal Coordination and Compliance Section (Seksyon sa Pederal na Pag-uugnay at Pagsunod) ng Civil Rights Division sa (202) 616-6744.